Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-32 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA- 6 NG PEBRERO, 2023 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.

MGA DUMALO:

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez ----------- Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

MGA KAGAWAD

Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio
Igg. Jose Antonio V. Lava
Igg. Aron Ronald R. Cruz
Igg. Marbin J. Garcia
Igg. Christopher Aron C. Del Rosario
Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Igg. Rchie E. San Jose
Igg. Michael M. Ramos (ABC)
Igg. Miguel Leonardo (SK)

LAHAT AY NAKADALO

KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 38 - 2023

KAPASIYAHANG BAYAN NA NAGPAPATIBAY SA PAGBIBGAY NG EKSTENSYON SA PAGBABAYAD NG MAYOR'S PERMIT, AT BUSINESS TAX HANGGANG IKA-28 NG PEBRERO, 2023.

Nag-Isponsor: Lupon ng Finance, Budget and Appropriation
Tagapangulo: Igg. Christopher Aron C. Del Rosario, Ka-Tagapangulo: Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Miyembro: Igg. Rchie E. San Jose, Igg. Bienvenido M. Cruz Jr., Igg. Aron Ronald R. Cruz

SAPAGKAT, ang huling araw ng pagbabayad o "Deadline of Payments" ay hanggang ika-20 ng Enero kada taon lamang sang-ayon sa nakasaad sa "Revised Revenue Code of 2017" at magkakaroon ng "20% Late Payment Penalty Charge" para sa mga lalagpas sa araw ng pagbabayad nito;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay naglalayong maipagkaloob ang mga pamamaraang makakapagbigay ginhawa sa lahat ng mga taal na mamayan nito na naghahanap-buhay, nagnenegosyo at nagbibigay serbisyo sa ating bayan;

SAPAGKAT, sa ilalim ng batas at sang-ayon sa "Section 167 of the Local Government Code of 1991, It Is Within The Jurisdiction Of The Sanggunian Concerned, For A Justifiable Reason Or Cause To Extend The Time Of Payment Of Such Taxes, Fees Or Charges Without Surcharges Of Penalties", ay binigyang kapangyarihan ang Sangguniang Bayan ng Bulakan na nagpapalawig ng araw ng bayaran ng mga "Business Tax" at Mayor's Permit hanggang ika-28 ng Pebrero, 2023 at walang babayarang "20% Late Payment Penalty Charge";

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay kaisa at sumusuporta sa Pamahalaang Nasyunal at Lokal tungo sa mga programang "Assistance To Businesses In Support To Their Financial Recovery";

SA MUNGKAHI, ni Igg. Christopher Aron C. Del Rosario na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

IPINASIYA, Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Sang-Ayunan Ang Kapasiyahang Bayan Na Nagpapatibay Sa Pagbibgay Ng Ekstensyon Sa Pagbabayad Ng Mayor's Permit At Business Tax Hanggang Ika-28 Ng Pebrero, 2023.

PINAGTIBAY.

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

JOSE CARLO S. PANTALEON
Nanunuparang Kalihim ng Sanggunian
(Temporary)

PAGPAPATUNAY:

Atty. REINA RICA C. SANCHEZ
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

PINAGTIBAY:

AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO
Kagawad

JOSE ANTONIO V. LAVA
Kagawad

ARON RONALD R. CRUZ
Kagawad

MARBIN J. GARCIA
Kagawad

CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO
Kagawad

BIENVENIDO M. CRUZ JR.
Kagawad

Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN
Kagawad

RCHIE E. SAN JOSE
Kagawad

MICHAEL M. RAMOS
Kagawad (Ex-Officio-SK)

MIGUEL LEONARDO
Kagawad (Ex-Officio-SK)

PINAGTIBAY at NILAGDAAN:

VERGEL C. MENESES
Punong Bayan
02-15-23